

# LIBERALISMO, MISMO!



LIBERALISMO, MISMO!

# PAUNANG SALITA

Ang Center for Liberalism and Democracy (CLD) ay ang think tank ng Partido Liberal o Liberal Party (LP). Isinilang ang CLD bilang isang non-stock, nonprofit corporation noong 2017 bilang kapalit ng nagsaradong National Institute for Policy Studies (NIPS) na naitatag noong 1989.

Karamihan ng mga partido politikal sa Pilipinas ay nakasentro sa mga personalidad at hindi sa ideolohiya. Kaya't kantahan at sayawan ang mag pinahalagahan sa kampanya kaysa sa paglalahad ng plataporma. Kapag nahalal na, nagtatalunan ng partido ang mga opisyales depende kung sino ang bagong pangulo.

Ang pagkakaroon ng LP ng isang matatag na "research and policy institute" ay nagpapatunay na ang partido ay seryoso sa pagkakaroon ng malinaw na hanay ng mga paniniwala at programa na natatasa bago, habang, at pagkatapos ng eleksyon.

Ang librong ito ay para sa mga miyembro at mga nais maging miyembro ng LP, mga mag-aaral, at sinomang interesado sa liberalismo. Sakop nito ang kahulugan, mga prinsipyo, kasysayan, at ang mga pagkakaipareho at pagkakaiba ng iba't ibang ideolohiyang politikal. Tinalakay rin dito ang mga kasalukuyang hamon sa liberalismo at mga Liberal.

Nakapaloob din dito ang pagpapalaganap ng liberalismo sa panahon ng Kastila at Amerikano, at ang pag-usbong at pagsupil pagkatapos ng kolonialismo. Maging si Dr. Jose Rizal ay maaaring ituring na isang liberal dahil sa impluwensiya ng Cadiz Constitution noong 1812 ng Espanya.

Sinusuri rin ang mga isyung politikal, panlipunan, at pang-ekonomiyang sa lente ng liberalismo. Nakatuon ang mga ito sa kalayaan at responsibilidad, indibidwalismo, kapayapaan, ang alituntunin ng batas, pagpapahintulot at pluralismo, kaliwanagan at pag-unlad, bukas na lipunan, kusang ayos, at inklusibong pag-unlad. Ipinaliwanag din kung bakit karamihan sa LP ay mga "Social Liberals".

Nais pasalamatan ng CLD ang Partido Liberal at Friedrich Nauman Foundation for Freedom para sa kanilang tulong at suporta.



**GERRY BULATAO**

Founding Chairman

Center for Liberalism and Democracy





## KAHULUGAN NG LIBERALISMO

Walang isang kasagutan sa tanong na “ano ang liberalismo?” Kahit na limitahan namin ang salitang ito sa larangan ng ideolohiya, kaisipang pampulitika at agham panlipunan, ang liberalismo ay isang terminong na sadyang nakakalito (Bell, 2014). Ayon kina Gaus, Courtland, and Schmitz (2020), ang liberalismo ay hindi lamang iisang bagay. Ito ay sumasaklaw sa magkakaibang magkakaugnay ngunit kung minsan, mga magkasalungat na mga pangitain.

Tingnan natin ang iba't ibang kahulugan nito:

Tinutukoy ng Merriam-Webster (n.d) ang liberalismo bilang isang pilosopiyang pampulitika batay sa paniniwala sa pag-unlad, sa likas na kabutihan ng sangkatauhan, sa kalayaan ng indibidwal, at paninindigan para sa kalayaang politikal at sibil.

Para kina Harrison at Boyd (2018), sa mga liberal, ang saligan ng lipunan ay ang moralidad ng sariling kapakanan, at pagkalinga at paggalang sa kapwa. Datapwat ang nag-uudyok sa mga Liberal ay ang

“enlightened” na sariling interes, ang pantay-pantay na pagturing sa sarili, sa mga institusyon, at sa kapangyarihang pampulitika ay mahalaga upang maiwasan ang kaguluhan at paniniil.

Ipinaliwanag ni Samuel Freeman (2020), isang Amerikanong Propesor sa Pilosopiya at Batas, na ang liberalismo ay tutol sa diktadurya, at sumasang-ayon sa panuntunan ng batas, pamahalaang konstitusyonal na may limitadong kapangyarihan, at pagtataguyod sa karapatang sibil at pampulitika. Ang isang liberal na lipunan ay mapagparaya sa iba't ibang mga doktrina ng relihiyon, pilosopiya, at etika, at pinapayagan ang malayang pagpili ng bawat tao ng kanyang hangarin at kinabukasan.

Pagdating sa ekonomiya, ang liberalismo ay nauugnay sa isang hindi planadong ekonomiya na may malayang merkado, karapatan sa pribadong pagmamay-ari, at malayang pamamalakad ng produksyon.

Ang “classical liberalism” ay Laissez-Faire, salitang Frances na may kahulugang “pabayaang ito” o “pabayaang itong mag-isa”; termino na naglalarawan ng pampulitika at ideolohiya na nangingibabaw sa U.K noong ika-19 na siglo na ang estado ay walang aktibong papel sa pagpapatakbo ng ekonomiya o paglutas ng mga problemang panlipunan.

Ang pagprotekta sa kalayaan ng indibidwal ay sentro sa liberalismo bilang isang doktrinang pampulitika (Dagger, n.d.). Sinabi ni Dagger (n.d.) na karaniwang naniniwala ang mga Liberal na kinakailangang protektahan ang mga indibidwal mula sa pinsala ng iba, ngunit kinikilala rin nila na ang gobyerno mismo ay maaaring maging banta sa kalayaan.

Ayon kay Dr. Julio Teehankee (2005) ng De La Salle University-Manila, ang liberalismo ay isang ideolohiya ng nakatuon sa indibidwal at isang lipunan kung saan ang mga indibidwal ay maaaring itaguyod at mapagtanto ng kanilang mga interes.

Ang liberalismo ay nagmula sa salitang Latino na liber o laya.

Para mas maunawaan ang liberalismo, kailangang malaman din kung saan ito sumasalungat: awtoritarianismo, totalitaryong regimen, lubos na sentralisadong gobyerno at ekonomiya, mga pang-aabuso sa karapatang pantao, kawalan ng katarungan sa lipunan, kaguluhan, at kawalan ng batas.

Kinilala nina Harrison at Boyd (2018) ang mga pangunahing tema ng liberalismo: ang indibidwal at ang kanyang mga karapatan; isang positibong pananaw sa sangkatauhan; paniniwala sa kaunlaran; kalayaan; limitadong pamahalaan; at internasyonalismo o pandaigdigang pakikibaka.

Ang lahat ng mga ito ay magkakaugnay. Halimbawa, kung ang mga karapatan ng isang tao ay hindi protektado, ang kanyang kalayaan ay walang katiyakan. Sa kabila ng maraming pagkakaiba-iba sa saklaw at kahulugan nito, pangunahing prinsipyo ng liberalismo ang mga karapatan at kalayaan ng indibidwal.



## MGA UGAT NG LIBERALISMO

### Liberalismo sa Europa

Ayon sa History.com (2009), ang pilosopo na si John Locke (1632-1704) na mula sa Inglatera ang naglatag ng pangunahing balangkas ng liberalismo. Itinaguyod niya ang empirical approach at teorya na ang sarili ay nagsisimula sa wala at nagkakaroon ng kaalaman at pagkakakilanlan na nagmumula sa naipon na karanasan. Ang kanyang teorya ng pamahalaan ay nakatuon sa pagtingin sa gobyerno bilang protektor ng tatlong natural na mga karapatan ng “buhay, kalayaan at kayamanan”, na kung saan ay lubos na naimpluwensyahan ang mga unang nagtatag ng Estados Unidos. Pinaboran niya ang pagpaparaya ng relihiyon bilang modelo para sa paghihiwalay ng simbahan at estado.

Ang Liberal Democracy ay nagmula sa Age of Enlightenment noong ika-18 Siglo sa Europa kung saan mga monarkiya ang mga namumuno (cs.mcgill.ca, n.d.). Ang mga lumang pananaw ay hinamon ng mga enlightened intellectual – ang pamahalaan at lipunan ay dapat gabayan ng katwiran at hindi batay sa mga nais ng mga lahing lakan (cs.mcgill.ca). Ang Rebolusyong Fransiya ang nagtanggap ng sinaunang rehimen ng monarkiya. Ang kanilang sigaw ng kalayaan, pagkakapantay-pantay at kapatiran ay muling binigkas sa iba’t ibang parte ng mundo, kasama na ang Pilipinas.



Noong ika-19 na Siglo, ang liberalismo ay naging pinakamahalagang kilusang reporma sa Europa (Girvetz, Dagger, Minogue, & Ball, 2020). Sa mga bansang Romano Katoliko, ang kilusang ito ay naging kontra sa mga kleriko na may malawak na kapangyarihan sa lipunan at pamahalaan (Girvetz, et al., 2020). Ang liberalismo noong ika-19 na Siglo ay direktang naapektuhan ang Espanya, at nagmula rito ang Kilusang Propaganda sa Pilipinas at ang sumunod na Rebolusyong Pilipino.

### **Ang Pamana ng Asya sa Demokrasya**

Ang liberalismo at demokrasya ay madalas na tiningnan bilang mga konsepto at konstruksyon sa Kanluran (West: Europa at Estados Unidos). Ito ang naging batayan ng ilang pinuno ng Asya tulad ni Lee Kuan Yew ng Singapore na itinakwil ang pagiging pangkalahatan ng demokrasya at iginiit na hindi bawat bansa ay angkop sa demokrasya, isang ideal ng Kanluran. Sina Lee, Mahathir Mohammed ng Malaysia, at iba pang pinuno ng Asia ay pinaboran ang Asian Values na siyang naging hudyat para sa kasaganahan ng mayaman na bansa sa Asya, o Asian tiger economies.

“It’s the economy, stupid” ang sikat na campaign slogan na nilikha ni James Carville noong 1992 para sa kampanya ni Bill Clinton na nagwagi bilang Pangulo ng Estados Unidos. Nakaangkla ito sa paniniwala na sa karamihan ng mga Amerikano, ang ekonomiya ang pangunahing isyu.

Gayunpaman, ang yumaong Pangulo ng South Korea na si Kim Dae Jung ay hindi naniniwala sa Asian values na itinuring niyang kontra sa mga prinsipyo ng demokrasya. Sa kanyang talumpati nang tinanggap ng Nobel Peace Prize noong 2000, isinalaysay ni Pangulong Kim na:

**Sa mga dekada ng aking pakikibaka para sa demokrasya, palagi kong naririning na ang demokrasya ay istilong kanluranin na hindi angkop sa Asya, na ang demokrasya ay walang mga ugat sa Asya. Wala itong katotohanan.**

Sa Asya, bago pa sa Europa, ang paggalang sa dignidad ng tao ay nakasulat sa mga sistema ng pag-iisip at ang mga tradisyong intelektuwal. Dito nag-ugat ang konsepto ng mga demo – ang pangunahing prinsipyo ng kaisipang pampulitika sa Tsina at Korea, tatlong libong taon na ang nakalilipas: Igalang ang mga tao, tulad ng pag-ibig mo sa langit . Pagkalipas ng limang siglo sa India, ang Budismo ay nabuhay upang ituro ang lubos na kahalagahan ng dignidad at mga karapatan ng tao. Nangyari ang mga ito mahigit 2,000 taon bago pa man maipaliwanag ni John Locke ang kanyang mga teorya.

Sa Tsina at Korea, ang pyudalismo ay pinalitan ng counties at prefectures bago pa isinilang si Kristo, at ang civil service exams na ginagamit sa pagpili sa mga opisyal ng gobyerno ay isang libong taon na. Ang pamumuno ng hari at mga mataas na opisyal ay binabantayan ng mga matatag na sistema ng pag-awdit.

Sa kabuuan, ang Asya ay mayaman sa intelektwal at pang-institusyong tradisyon para sa pagyabong ng demokrasya. Ang wala sa Asya ay ang mga samahan at organisasyong demokratiko na siyang pinakabuluhan sa Europa – ang paglikha ng mga samahan at organisasyon na nagpayabong sa kabihasan at sangkatauhan.

Si Pangulong Kim ang isa sa mga nagtatag ng Council of Asian Liberals & Democrats (CALD) kasama sina Thai Prime Minister Chuan Leekpai, ang yumaong ASEAN Secretary General Surin Pitsuwan, Budget Secretary Florencio “Butch” Abad, atbp.

## Ang Likhang Malalim na Konsepto ng Tama at Katarungan ng mga Pilipino

Ayon sa yumaong dakilang Senador Jose W. Diokno, ang mga Tagalog, Cebuano, Ilonggo at Pampango ay may karaniwang salita para sa hustisya: katarungan. Ang salitang-ugat ng katarungan ay tarong, isang salitang Bisaya na nangangahulugang direktso, naaangkop, o tama. Para sa mga Pilipino, ang katarungan ay pagiging matuwid at pagkilos at paggawa nang sang-ayon sa wastong moralidad, sa kung ano ang nararapat. Mayroon din tayong karaniwang salita para sa tama: karapatan. Ang salitang-ugat ng karapatan — dapat — ay may kahulugan na malapit sa tarong — naaangkop, tama.

**Samakatuwid, sinasabi sa atin ng ating wika na ang mga konsepto ng hustisya at karapatan ay malalim at magkaugnay.**

## Ang Kilusang Propaganda

Ang Kilusang Propaganda noong panahon ng Kastila ay pinangunahan ng isang pangkat ng piling mga Pilipinong naninirahan at nag-aaral sa Europa, karamihan sa Espanya. Inilantad ng mga repormistang ito ang kasamaan ng mga awtoridad sa pamahalaan at simbahan. Ang pangunahing publikasyon nitong “La Solidaridad” ay itinatag ni Graciano Lopez Jaena noong 1888. Si Dr. Jose Rizal ang pinakatanyag na kasapi ng samahan at ang pagpatay sa kanya ang naging mitsa para sa rebolusyon laban sa Espanya.

Ayon sa dating Kinatawan ng Friedrich Naumann Foundation-Manila na si Dr. Ronald Meinardus (2006), sa Asya, isang malakas na konserbatibong pwersa ang siyang humamak at nanira sa liberalismo sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng negatibong pagpapalagay sa pagiging liberal: imoral, iresponsable, at hindi makabayan. Sa

kabutihang palad, ang Pilipinas ay naiiba. Para sa karaniwang Pilipino, ang liberalismo ay mayroong positibong taginting; iniuugnay ito sa mga matagumpay na mga yugto ng kasaysayan tulad ng mga laban sa kolonyalismo at Martial Law.

## Ang Demokratikong Tradisyon mula Amerika

Ang Pilipinas ay naging isang kolonya ng Estados Unidos sa pamumuno ng isang Amerikanong Gobernador Heneral mula 1901 hanggang sa maitatag ang Philippine Commonwealth noong 1935. Ang Tydings-McDuffie Act o “Ang Batas para sa Kalayaan ng Pilipinas”, isang batas pederal na naipasa noong 1934, ang siyang nagtakda ng proseso ng kalayaan ng arkipelago pagkatapos ng sampung taon.


Sa panahon ng Philippine Commonwealth, ang pangulo, bise president, at mga kasapi ng lehislatura ay direktang nahalal sa isang pambansang eleksyon ng mga may sapat na gulang na lalaking Pilipino. Ang plebisito sa pagboto ng kababaihan ay napasinayaan lamang noong 1937 o dalawang taon pagkatapos ng pambansang halalan noong 1935 kung saan halos 91% ng mga lalaking botante ang sumang-ayon dito. Ang Commonwealth ay mayroon ding isang malakas na sistemang panghukuman bagaman ang Korte Suprema ay itinatag ng Pamahalaang Insular ng Amerika noong pang 1901.

Ang 1935 Philippine Constitution, na pinagtibay sa isang pambansang plebisito, ay iminodelo sa konstitusyon ng Amerika. Pinaboran nito ang isang republikanong anyo ng pamahalaan na nagtataguyod ng mga karapatan ng mga Pilipino at ang paghihiwalay ng kapangyarihan sa tatlong sangay ng pamahalaan.

Natapos ang Commonwealth nang pinagkalooban ng Amerika ang kalayaan noong Ika-apat ng Hulyo 1946 pagkatapos ng isang malalang digmaan. Ang naging unang pangulo ay si Manuel A. Roxas na nagtatag ng Partido Liberal noong Enero 19, 1946.



Ang isa pang pamana ng mga Amerikano ay ang pagtatag ng mga partidong pampulitika. Ang Nacionalista Party, pinakamatandang partido hindi lamang sa bansa ngunit pati na rin sa Timog-Silangang Asya, ay itinatag noong 1907. Ang Partido Liberal ay umusbong mula sa Liberal Wing ng Nacionalista Party.



## LIBERAL DEMOCRACY AT ANG BANTA NG POPULISMO

Ang Liberal Democracy ay nakasalalay sa prinsipyong republikano, konstitusyonal, at isinasama ang civic egalitarianism bilang mga pangunahing prinsipyo ng demokrasya. Tinatanggap at ipinatutupad nito ang liberal na prinsipyo na ang lehitimong saklaw ng kapangyarihan ng estado ay limitado (Harris, 2018).

Ayon kay Faust (2013), ang sentral na ideya ng liberal democracy ay ang karapatan ng bawat mamamayan na makilahok at makialam sa sa eleksyon ng lehislatura at ehekutibo. Ang mga namumuno ay dapat isang alang-alang ang kapakanan ng nakararami. Malaya at patas na halalan; kalayaan sa pagpupulong, samahan, at pamamahayag; at ang proteksyon ng mga karapatan ang mga alituntunin ng sistemang demokratiko ngayon. Pagkatapos ng Cold War, ang mga prinsipyong ito ay tila tinanggap bilang mga unibersal na basehan ng isang lehitimong pamamahala.

Ang mga demokratikong liberal na bansa, partikular ang Estados Unidos at mga bansa sa Kanlurang Europa, ang nangunguna sa buong mundo pagdating sa ekonomiya at kapangyarihan, lalo na nang bumagsak ang Berlin Wall at ang mga bansa sa dating Soviet Bloc ay sumali sa European Union.

Ngunit marami ang naisulat tungkol sa kabiguan ng liberal democracy na nagresulta kamakailan sa muling pagkabuhay ng

populismo sa buong mundo, kasama na ang mga kinikilalang balwarte ng demokrasya, ang Estados Unidos ng Amerika sa pagkapanalo ni Donald Trump at ng United Kingdom nang nagtagumpay ang Brexit (kapwa nangyari noong 2016). Taong 2016 rin nang manalo si Rodrigo Duterte bilang ika-16 na Pangulo ng Pilipinas.

Ayon kay Tucker (2019), ang paglaganap ng populismo ay isang pagpapahayag ng kalooban ng mga tao laban sa mga elitistang walang pakialam sa kanilang kapakanan. Ito ay namunga mula sa hinanakit ng mga mamamayan na nawalan ng karapatan upang maitaguyod ang sarili nilang landas.

Ang liberal democracy na kakambal ng kapitalismo ay nagdulot ng pangkalahatang pagkahapo at pagkadismaya sa gobyerno sa maraming mga bansa (Frausto, Powell, & Vitale, 2020). Dahil sa isang dekada ng pangingibabaw ng kapitalismo sa buong mundo, ang mga oligarkiya sa ekonomiya ang silang nakikinabang sa politika, at dahil dito, napabayaang ang kabuhayan at kapakanan ng karamihan.

Halos dalawang dekada na ang nakalipas mula nang ipinahayag ni Francis Fukuyama ang tagumpay ng liberal democracy sa buong mundo. Ngayon, nakikita niya ang pagkawarak nito dahil sa tinatawag na identity politics (A.L., 2018). Nagkakaroon ng identity politics kapag ang mga tao ay nagkakaroon ng posisyon at opinyon batay sa kanilang lahi, sekswalidad o relihiyon kaysa sa mas malawak na mga batayan. Bagaman nagsimula itong maka-kaliwa, mas napag-igting ito sa mga konserbatibo. Dahil dito, nagtagumpay sa halalan si Donald Trump at sa plebesito ang Brexit na naghiwalay ng UK mula sa European Union (A.L., 2018).

**Dapat pag-isipang mabuti ng mga Liberal sa buong mundo kung paano lalabanan ang populismo at demagoguery nang hindi kinakailangang sumasang-ayon na ito ay sanhi ng pagkabigo ng liberal democracy.**

Noong 1999 pa lamang, nahulaan na ni Cerny na “sa halip na isang bago at pluralistic na pandaigdigang lipunan, ang globalisasyon ay magdudulot ng isang mas malawak na hindi pagkakapantay-pantay, pagkakawatak-watak ng mga istraktura ng pamahalaan, at paglaganap ng pyudalismo.”

Sa kanyang talumpati sa 13th CALD General Assembly (Nobyembre 2020), sinabi ni Bise Presidente Leni Robredo na “Ang prosesong ito ay nangangailangan ng pagbabago ng pananaw. Hindi dapat nating isipin na tayo lamang ang pinakamahasag. Ang kakulangan sa pagpapakumbaba ay nagdulot ng puwang na siyang ginawang armas ng demagogues laban sa atin. Ang kanilang mga mapanlinlang na pananalita at mapagkunwaring asal tulad ng pagtulog na may kulambo ay mga paraan upang maakit ang mga may hinanakit sa lipunan. Kung ang populismo ay lumilikha ng mababaw na pagunay sa mga dukha, ang tugon ng mga Liberal ay makabuluhang pakikipagkapwa tao at kaisahan sa mga naghihirap sa buhay.”

**Kung si Pangulong Marcos ay binuhay muli sa kasalukuyang rehimen ni Pangulong Duterte, ang mapagpalayang diwa ng EDSA ay maaari muling mabuhay sa ating kasalukuyang lipunan (Coronel, 2020).**

Sinabi ni Dinagat Governor Kaka Bag-ao, sa kanyang talumpati sa 2019 Freedom Night ng Friedrich Naumann Foundation (Manila), na ang kabaligtaran ng kalayaan ay kahirapan. “Ipagpatuloy natin ang pagwasak ng mga pader, mga pintuan at mga kisame na pumipigil sa lahat ng ating mga mamamayan, lalo na ang mga napabayaang at mahihirap, tungo sa tunay na pagiging malaya!”

Ngunit higit pa sa isang muling pagkabuhay, ang paggunita sa diwa ng EDSA ay dapat maging deternidanong pagsisikap upang tugunan at makumpleto ang maraming mga hindi pa natutupad na mga pangako ng People Power, lalo na sa pag-ahon sa kalagayan ng mga mahihirap at mga nawalan ng karapatan (Coronel, 2020).



## SOCIAL LIBERALISM

Ang social liberalism ay isang uri ng liberalismo na naiiba mula sa classical liberalism sa paniniwala nito sa limitadong gobyerno at bukas na merkado na malaya sa regulasyon. Ang classical liberalism ay nakaangkla sa konsepto na ang indibidwal ay dapat malaya mula sa hindi makatwirang makapangyarihan at potensyal na mapang-abusong pamamahala.

Ang social liberalism ay kinikilalang left liberalism sa Alemanya, new liberalism (iba ito sa neoliberalism) sa Britanya, at modern liberalism sa Estados Unidos.

Ang mga Classical Liberal at Libertarian ay naniniwala na ang karapatan sa pag-aari ay ganap (Howarth, 2009). Para sa mga Social Liberal naman, ang mga karapatan sa pag-aari iginagawad ng estado bilang pribilehiyo upang magdulot ng mas malawak na layunin (Howarth, 2009).

Ang social liberalism ay nakatuon sa patas na pamamahagi ng yaman (halimbawa sa pamamagitan ng pagbubuwis at mga serbisyong pampubliko), pati na rin sa kapangyarihang pampulitika (Howarth, 2009). Bukod sa regulasyon sa ekonomiya, pinapaboran ng mga Social Liberal ang pagpapalawak ng mga karapatang sibil at pampulitika.



Karamihan sa mga haligi ng Partido Liberal ay sumasang-ayon sa mga prinsipyo ng social liberalism. Ang ilan sa kanila ay sina Senador Wigberto Tañada, Kalihim Butch Abad at ang yumaong Pangulo ng Senado na si Jovito Salonga, na pawang nagsilbing mga pangulo ng partido.

Si Salonga, kinikilalang Ideologue ng partido sa loob ng maraming taon, ay nagdeklara sa kanyang lektyur noong 1989 tungkol sa kasaysayan at ideolohiya ng Partido Liberal na “bukod sa masigasig na pagpapatupad ng isang tunay na programa sa reporma sa lupa, pabor kami na hikayatin ang pagtatatag ng maliliit na industriya sa kanayunan kahit na nagsusumikap kaming magtaguyod ng isang matatag na industriya para sa buong bansa.

### **Kung hindi tayo seryoso sa pagtugon sa malalang kahirapan, hindi tayo makakatayo sa ating sariling mga paa.**

Ang sinabi ng tagapagtatag ng LP maraming taon na ang nakalipas ay tama pa rin hanggang ngayon. Dapat nating paliitin ang agwat sa pagitan ng kayamanan at kahirapan sa pamamagitan ng pagtaas ng katayuan ng mga dukha. Pangarap natin na itayo ulit ang isang lipunan kung saan ang mahina ay magiging malakas at ang malakas ay magiging makatarungan.”

Si Tañada ang isa sa mga namuno sa Fair Trade Alliance, isang pambansa at multisectoral na alyansa na nagtutulak ng mga agenda sa patas na kalakalan para sa kapakanan ng nakararami sa lipunan.

Noong naging kalihim siya ng Department of Budget and Management, isinulong ni i Abad ang “Bottom-Up” approach, isang makataong paglaan ng budyet na hindi lamang nakatuon sa tamang alokasyon at paggasta ng kayamanan ngunit para rin maibaba ang antas ng kahirapan sa bansa. Ang naturang approach ay people-centric at nakatutok sa pag-alam at pag-analisa ng mga

pangangailangan ng mga nakakakaraming pamilya at komunidad. Tatlong daan hanggang 400 na pinakamahirap na mga bayan, mga komunidad at mga NGO ang binigyan ng prioridad sa implementasyon nito (Department of Budget and Management, 2012).

Si namayapang Naga City Mayor at Local Government Secretary Jesse Robredo naman ang naging simbolo na ng mabuting pamamahala. Pinuri rito at sa ibang bansa ang estilo ng kanyang pamumuno na karapat-dapat tularan. Ang pagbibigay diin niya sa meritocracy (pagkuha at promosyon batay sa kakayahan at hindi kung sino ang kilala), ang pakikilahok ng mga NGO at katutubo sa mga programa ng gobyerno, ang aktibong pakikisangkot ng mga mahihirap sa mga proyektong hindi lamang bilang mga benepisyaryo kundi bilang kasosyo, at ang third-party assessment ng ng burukrasya ng gobyerno ay nagpapakita ng classical liberalism sa malayang kompetisyon at social liberalism sa pagbabahagi ng kayamanan at kapangyarihang pampulitika.

Ang panawagan ni Bise Presidente Robredo na bigyang prayoridad ang mga nasa laylayan ay maaaring tingnan bilang isang anathema sa mga pangunahing prinsipyo ng classical liberalism tulad ng kaganapan sa karapatan ng pag-aari at malayang kompetisyon.

Ang mga Social Democrat ay pabor sa pantay na pamamahagi ng yaman. Ang mga Classical Liberal at Libertarian ay naniniwala na ang paglikha ng yaman ay isang mas mahusay na solusyon. At kahit na ang kontrol at pagmamay-ari ng mga negosyo, lalo na ang mga malalaking korporasyon, ay limitado sa isang minorya, ang epekto ng trickle down ay magbibigay benepisyo sa karamihan.

Nagtatagpo itong dalawang magkasalungat na paniniwala sa social liberalism.

Sa isang malaya at makatarungang lipunan, ang social mobility ay mas mahalaga kaysa sa pamamahagi ng kayamanan; at ang

pagkakapantay-pantay ng oportunidad ay nagbubunga ng pagkakapantay-pantay ng mga resulta (Kluth, 2020).

Naniniwala ang isang Liberal na ang lahat ng mga tao ay nilikhang pantay-pantay. Ngunit kinikilala rin niya na ang mga tao ay may magkakaibang talento at kakayahan at ipinanganak sa isang lipunan na may malaking agwat ng mayayaman sa mahihirap. Ang isang Liberal, samakatuwid, ay naniniwala na ang mga pagkakataon para sa kaunlaran ay dapat na ginagamit ng isang tao, anuman ang kanyang kalagayan o katayuan. Ang edukasyon at mga serbisyong panlipunan tulad ng kalusugan ay ilan lamang sa mga social equalizer.

**Dahil sa lumalaki at lumulubhang suliranin ng global warming at climate change, naging mas malinaw at malakas ang paniniwala ng mga Social Liberal na kailangan ng mga makabuluhang interbasyon, hindi lamang ng mga bansa, ngunit higit na mahalaga, sa kanilang mga hanay.**

Alam ng mga Social Liberal ang pangangailangan ng estado na magpataw ng mga regulasyon para sa kaligtasan ng mga mamamayan laban sa masamang epekto ng kapitalismo at globalisasyon.

Ang liberalismo ay mula sa Latin na liber o laya. Ang kalayaan ay nananatiling pundasyon ng parehong mga Classical at Social Liberal. Subalit, para sa mga Social Liberal, ang kalayaan ay dapat nakaangkla sa katarungan at ang ekonomiya ay dapat malaya at patas. Para sa mga Classical Liberal, kapag malaya ang merkado, ito rin ay awtomatiking nagiging patas.

Sinuportahan ni Pangulong Aquino ang COP 21 Paris Accord ng United Nations Framework Convention on Climate Change (UNFCCC). Kasama sa kanyang agenda para sa kalikasan ang alternatibo at inklusibong urban development kung saan ang bawat isa ay kabahagi ng isang produktibo, malusog at ligtas na komunidad

ano man ang antas niya sa buhay, at ang sustinableng gamit ng likas yaman para sa kasalukuyan at hinaharap na mga henerasyon.

Isinulong at isinulat ni Dr. Neric Acosta, Presidential Adviser for Environmental Protection ni Aquino, ang Clean Air Act, Clean Water Act, Solid Waste Management Act, at Biodiversity Protection Act bilang kinatawan ng Bukidnon sa kongreso.

Sina Secretary Abad at ang kanyang yumaong maybahay sa si Henedina (dating Deputy House Speaker), mga naging representante ng Batanes sa kongreso, ang mga nanguna sa malawakang paggamit ng alternatibong enerhiya tulad ng solar at wind sa iba't ibang isla ng kanilang distrito.



## MATATAG NA IDEOLOHIYA

Ang pulitikang Pilipino ay nakabatay sa patronage at lubhang personalistic. Kaya hindi nakakagulat na mahina ang political party system sa bansa.

Sabi nga ni Quimpo (2007), pinamumunuan ng mga naghahari sa pulitika at ekonomiya ang karamihan ng mga partido pulitikal at palamuti lamang ang mga plataporma at ideolohiya.

**Ang mga pangako sa kampanya ay bukambibig lamang at madalang lamang na busisiin ng mga botante ang mga detalye kung paano ipapatupad ang mga pangakong ito kung manalo sila.**

Nagmimistulang pista ng bayan ang mga miting de avance na pinupuno ng pagtatanghal ng mga artista at kung sino-sino pang celebrity. Kadalasan, ang mga kandidato mismo ang mga kumakanta at nagsasayaw.

Ayon sa pag-aaral ng Institute for Political and Electoral Reform noong 1995, may apat na pinagbabasehan ang mga botante upang magpasiya kung sino ang pipiliing kandidato. Una ay ang popularidad ng kandidato; mas madaling makilala ng mga botante ang mga kandidatong magaling makisimpatiya at maingay ang imahe sa publiko. Pangalawa ay ang pag-eendorso ng mga tradisyunal na samahan at organisasyon tulad ng pamilya at simbahan. Pangatlo



ay ang mga katangian ng kandidato na nakikita ng mga botante na kapaki-pakinabang. Ang pinakamaliit na konsiderasyon ay ang programa ng partido (Institute for Political and Electoral Reform, 2012).

Ang Partido Liberal (LP) ay namumukod tangi. Ang pagiging kuntento sa bilang ng mga naipanalong kandidato ay asal ng tradisyunal na pulitika (Coronel, 2013). Mahalaga sa LP na sukatin ang tagumpay hindi lamang sa bilang ng mga naipanalong kandidato sa halalan kundi ang mapanatili ang reputasyon bilang isang partido pulitikal na may komprehensibong agenda at plataporma, at matatag na ideolohiya (Coronel, 2013).

Inilalarawa ng konstitusyo nito ang LP bilang isang partidong tumutugon, may pananagutan at malawak na base ng mga taga-suporta, may kakayahang pausbungin ang potensyal ng mga mamamayan sa pamamagitan ng isang ideolohiyang liberal, mga organisadong kasapi, at matapang at maprinsipiyong liderato.

Isang tradisyonal at mainstream na partido pulitikal ang LP na party in power sa pagkapangulo nina Roxas, Quirino, Macapagal at Aquino. Ngunit matatag ang pagpursige ng partido tungo sa malinaw na ideolohiya, reporma, at kampanya na may plataporma.

### **Ang dalawang indikasyon ng ganitong uri ng progresibong pulitika ay ang pagkakaroon ng malakas na research and policy institute at aktibong partisipasyon sa mga alyansang internasyonal.**

Ang National Institute for Policy Studies (NIPS), unang thinktank ng partido, ay itinatag noong 1989 at nagsilbing prinsipal na political institute para sa pagpapalaganap ng liberalismo at demokrasya sa Pilipinas.

Nagbigay ang NIPS ng oportunidad, pasilidad, at serbisyo para sa masusing pag-aaral, pag-unlad at pagpapalaganap ng liberalismo sa pamamagitan ng programang pang-edukasyon ng mga lider at kasapi ng partido at mga kaalyadong organisasyon.

Tatlo sa mga naging NIPS Executive Director na lahat ay abogado ay nagkaroon ay nanunungkulan sa serbisyo publiko: Al Agra, dating Justice Secretary; Jose Luis “Chito” Gascon, Chairman ng Commission on Human Rights; at Lawrence Fortune, nasa kanyang ikatlong termino bilang kinatawan ng Butuan.

Ang Center for Liberalism and Democracy (CLD) na naitatag noong 2018 ang pumalit sa nagsarang NIPS. Nagsisilbi itong neksus ng mga prinsipiyong liberal ng LP. Ito ay nakatuon sa kalayaan, demokrasya, at kaunlarang inklusibo. Itinataguyod nito ang kalayaan at demokrasya; hustisya, katarungan sa lipunan at karapatang pantao; at sustainable at inklusibong pag-unlad. Ang pangunahing tungkulin nito ay ang pagbubuo at pagsusuri ng mga polisiya, pagpapatibay ng mga institusyon at people empowerment.

Isang batang organisasyon na may mahabang tradisyon ang CLD at mga dating miyembro ng Board of Trustees ng NIPS ang chairman at pangulo nito.

Ang CLD ay nag-oorganisa ng iba't ibang mga meeting, conference at workshop na dinaluhan ng mga opisyal ng gobyerno, ang pribadong sektor, NGOs, pamahayagan at akademya na sumasaklaw sa isang malawak na hanay ng mga paksa. Ang CLD ay tumulong sa pagtaguyod ng Liberal Caucus of Congressional Staff (LCCS) at nag-ayos ng mga workshop sa pagsasanay para sa kanilang mga kasapi kasama na ang mga strategic communication. Sa LCCS, nagagawa ng CLD na makolekta at matalakay ang mga prayoridad na panukala ng mga senador at kongresistang Liberal.

Noong Disyembre 2019, inilunsad nito ang Plaza Miranda Magazine, isang quarterly research, policy and opinion publication, na maaaring i-download ng sinuman nang walang bayad mula sa CLD website ([www.cld.ph](http://www.cld.ph)) at Facebook Page.

Si John Coronel, pangulo ng CLD, ang editor nito. Ilan sa mga natalakay na nito ay ang mga usapin sa rice tariffication, alternatibong enerhiya, mga Biodiversity Friendly Enterprise, Smart Cities, ang COVID-19 at ang mapansupil na Anti-Terror Bill.

Ang magasin ay nagsisilbi ring repositoryo ng mga mahahalagang talumpati at pahayag ng Partido Liberal at ang mga pangunahing kasapi nito tulad nina Bise-Presidente Leni Robredo, Senador Francis Pangilinan at Leila de Lima, at Congressmen Kit Belmonte at Stella Quimbo.

Ang NIPS at CLD ay nakapaglathala na ng maraming aklat. Kabilang sa mga aklat ng CLD para sa 2021 ang 75 Years of Philippine Freedom and Democracy: Anthology of Great Liberal Speeches (1946-2021) para ipagdiwang ang ika-75 taong anibersaryo ng LP at Radikal na Pagmamamahal, isang Pilipinong adaptation ng sikat na libro ng Turkey, Radical Love na nagsasalaysay kung paano pahupain ng mga partidong oposisyon ang polarisasyon ng lipunan and makaiwas sa mga bitag ng populismo (Journal of Democracy, 2020).

Chairman ng CLD ang dating Agrarian Reform Undersecretary na si Gerry Bulatao. Kasapi sa board ang mga senior staff sa kongreso at opisina ng bise president.



# PANDAIGDIGANG PAGKAKAISA AT PAKIKIBAKA

Ang mga Liberal ay mga Internationalist. Noong 1989 sa Paris, ang Partido Liberal ang naging kauna-unahang miyembro ng Liberal International (LI), ang pandaigdigang pederasyon ng mga liberal at progresibong partido na nakabase sa London.

Ginanap ang kauna-unahang LI Congress sa Asya sa Maynila noong 2011. Host party ang Partido Liberal at binuksan ang kumperensya sa Malacanang Palace; si Pangulong Aquino ang nagbigay ng keynote speech.

Founding member ng Council of Asian Liberals & Democrats (CALD), may mga kasapi mula sa 12 partidong pulitikal sa 11 bansa sa Asya, ang Partido Liberal. Kasama rito ang kasalukuyang ruling parties ng Indonesia, Taiwan at Myanmar. Si Senador Francis "Kiko" Pangilinan, pangulo ng LP, ang kasalukuyang pinuno ng CALD. Samantala, nagsilbi ring pinuno ng CALD sina Senate President Franklin Drilon, Secretary Florencio Abad at Deputy Speaker Raul Daza. Si Representative Francis "Blue" Abaya ng Cavite ang kasalukuyang CALD Secretary General, isang posisyong hinawakan dati nina Secretary Neric Acosta, Abad at President Aquino (noong siya ay isang kongresista).

Noong 1999, Maynila ang naging headquarters ng CALD Permanent Secretariat, anim na taon mula nang maitatag ito sa Bangkok. Ang

kauna-unahang executive director ay si John Coronel, Pangulo ng CLD. Mahigit isang dekada na si Lito Arlegue na nagsisilbing executive director ng CALD.

Ang Partido Liberal ay nagsilbing host party ng maraming CALD conferences, workshops, seminars, visits, kasama na ang joint meeting ng CALD at Alliance for Liberals & Democrats for Europe (ALDE). Bukod dito, ang LP ay malugod na sumusuporta sa mga aktibista ng rehiyon tulad ng Nobel Laureate na si Daw Aung San Suu Kyi, ang lider ng oposisyon sa Cambodia na sina Sam Riansy at Khem Sokha, at Jose Ramos Horta ng East Timor.



## SOCIAL CONTRACT NI PANGULONG AQUINO SA MGA FILIPINO

Nakalahad sa nasabing batayan na ang kawalan ng integridad, humilidat at tiwala sa gobyerno ay nag-ambag sa malawak na kahirapan, pagdurusa at kawalan ng pag-asa. Ang Social Contract ni Pangulong Aquino ay naglarawan ng mga kolektibong pangarap para sa isang bansa kung saan alam ng mamamayan ang tama at mali sa pamamagitan ng halimbawa na ipinapakita ng liderato; isang organisado at mabilis na pagpapalawak ng ekonomiya mula sa kakayahan at lakas ng mga Pilipino; paniniwala na ang paggawa ng tama ay hindi lamang moral kundi nagdudulot din ng benepisyong ekonomikal; at mga pampublikong institusyon na tumutugon sa pangangailangan ng mga mamamayan.

Ang mga probisyong pang-ekonomiya nito ay mayroong oryentasyong social liberal: walang kinikilingan at mapagpasyang mga patakarang pang-ekonomiya na malaya sa mga impluwensya ng konektadong pribadong interes; nakatuon ang ekonomiya sa kanayunan tungo sa pagkamit ng seguridad ng pagkain, napapanatiling produktibo at pantay na paglago ng ekonomiya upang makinabang ang mga magsasaka at mga negosyo sa kanayunan; paglikha ng mga kondisyon para sa paglago ng maliit, katamtaman at malalaking negosyo; at sa pagsasaalang-alang ng mga social cost ng manpower export, at ang pagiging OFW ay isang personal na desisyon at hindi dahil sa kawalan ng oportunidad sa bansa.

# GENERAL PROGRAM OF ACTION (2020) NG PARTIDO LIBERAL

Nabuo ang General Program of Action mula sa samu't saring dokumento, kasama ang Social Contract ni Pangulong Aquino at ang plataporma ng kampanyang Roxas-Robredo noong halalan ng 2016. Ang agenda na ito ay sumailalim sa masusing proseso ng ebalwasyon, feedback at revision na dinaluhan hindi lamang ng liderato ng partido kundi mga kaalyadong organisasyon (kasama ang CLD), at mga representante mula sa mga kahanay at taga-suporta.

Ang Partido Liberal ay nakatuon sa isang inklusibong lipunan na mayroong makahulugang partisipasyon ang mga mamamayan, katarungan at karapatang pantao para sa lahat, pantay na oportunidad para sa kabuhayan at kalakalan, kalidad na edukasyon, gender equality, at malusog na kalikasan. Sa kasaysayan ng partido, ang LP ay naging haligi ng panuntunan ng batas, karapatang pantao, patas at malayang halalan, kaunlaran, at hustisyang panlipunan.

**Ang inklusibong kaunlaran ay nangangailangan ng kalusugang pampubliko, mas mataas na kalidad ng edukasyon, hustisya at pag-aruga sa mamamayan.**

Ang mga prinsipyo ng inklusyon, pagkakapantay-pantay at pagiging patas ay nagpapakita ng social liberalism ng partido.

Datapwat kinikilala ng partido na mayroong malaking economic growth lalo na noong panahon ni Aquino, marami pa ring dapat gawin upang matugunan ang malaking puwang sa lipunan.

Sa larangan ng pulitika at demokrasya, marami pa ring mga pagkukulang. Isa na rito ang kakulangan ng representasyon at konsultasyon mula sa pamahalaan at mamamayan na kinakailangan para bigyan ang gobyerno ng kakayahan sa pamamahala.

Ang halalan ang pangunahing mekanismo para sa partisipasyon ng mamamayan sa prosesong pulitika. Karamihan ng mga partido pulitikal ay kumikilos lamang tuwing eleksyon. Dito naiiba ang LP na nakatuon sa pagpapalawak ng partisipasyon ng mga mamamayan sa pambansang pamamahala.



## MGA SANGGUNIAN

- A. L. (2018, September 30). Can liberal democracies survive identity politics? Sa *The Economist*. Kinuha mula: <https://www.economist.com/open-future/2018/09/30/can-liberal-democracies-survive-identity-politics>.
- Bell, D. (2014). What Is Liberalism? *Political Theory*, 42(6), 682–715. <https://doi.org/10.1177/0090591714535103>.
- Brack, D., Grayson, R. S., & Howarth, D. (Eds.). (2007). Reinventing the state: Social liberalism for the 21st century. Sa *Socialliberal.net*.
- Cerny, Philip G. (1999). Globalization and the erosion of democracy. *European Journal of Political Research*, 36, 1–26. 10.1111/1475-6765.00461.
- Coronel, J. (2020). DamNation. *Plaza Miranda*, 1, 29–37. (Makati City: Center for Liberalism and Democracy.)
- Coronel, J. (2013). I think(tank), therefore I am liberal. *Freedom to Organize: A Handbook on Political Party Management*. (Makati City, Council of Asian Liberals & Democrats).
- Department of Budget and Management. (2012, January 19). "Bottom-up" approach defines 2013 budget process. In *Official Gazette*. Kinuha mula: <https://www.officialgazette.gov.ph/2012/01/19/bottom-up-approach-defines-2013-budget-process/>.
- Frausto, O., Powell, J., & Vitale, S. (Eds.). (2020). The weariness of democracy; Confronting the failure of liberal democracy. Sa *Palgrave Mcmillan*. Kinuha mula: <https://www.palgrave.com/gp/book/9783030193409>.
- Freeman, S. (n.d.). Liberalism. *Oxford Research Encyclopedia of Politics*. Kinuha mula: <https://oxfordre.com/politics/view/10.1093/acrefore/9780190228637.001.0001/acrefore-9780190228637-e-236>.
- Galston, W. A. (2018, April 17). The populist challenge to liberal democracy. Sa *Brookings*. Kinuha mula: <https://www.brookings.edu/research/the-populist-challenge-to-liberal-democracy/>.
- Gaus, G., Courtland, S., & Schmidtz, D. (2020). Liberalism. *The Stanford Encyclopedia of Philosophy* (Fall 2020 Edition). Kinuha mula: <https://plato.stanford.edu/archives/fall2020/entries/liberalism/>.
- Girvetz, H. K., Dagger, R., Minogue, K., & Ball, T. (2020, February 5). Liberalism. Sa *Encyclopedia Britannica*. Kinuha mula: <https://www.britannica.com/topic/liberalism>.
- Harrison, K., & Boyd, T. (2018). Liberalism. Sa *Understanding political ideas and movements*. Manchester, England: Manchester University Press. Kinuha mula: <https://www.manchesteropenhive.com/view/9781526137951/97815261379>.
- History.com Editors. (2009, November 9). John Locke. Sa *HISTORY*. Kinuha mula: <https://www.history.com/topics/british-history/john-locke>.
- Institute for Political and Electoral Reform. (2012). Restudying the Filipino voter today. *Book on Psychographics Study*. Kinuha mula: [https://www.ombudsman.gov.ph/UNDP4/wp-content/uploads/2012/12/Final-psychographics\\_psychographics-annexes.pdf](https://www.ombudsman.gov.ph/UNDP4/wp-content/uploads/2012/12/Final-psychographics_psychographics-annexes.pdf).
- Kluth, A. (2020). A liberal Manifesto in a time of inequality and climate change. Sa *BloombergQuint*. Kinuha mula: <https://www.bloombergquint.com/business/how-liberalism-can-solve-inequality-and-climate-change>.
- Meinardus, R. (2006, January 25). Filipino Liberals. Sa *Friedrich Naumann Foundation for Liberty*. Kinuha mula: <http://www.fnf.org.ph/liberalopinion/filipino-liberals.htm>.
- Merriam-Webster. (n.d.). Liberalism. In *Merriam-Webster.com dictionary*. Kinuha mula: <https://www.merriam-webster.com/dictionary/liberalism>.
- Teehankee, J. (2005). Liberalism: A Primer (National Institute for Policy Studies, Quezon City).
- Tucker, J. A. (2019, June 16). The failure of liberal democracy in Europe. Sa *American Institute of Economic Research*. Kinuha mula: <https://www.aier.org/article/the-failure-of-liberal-democracy-in-europe/>.
- Wuthrich, F. M., & Ingleby, M. (2020). The pushback against populism: Running on "radical love" in Turkey. *Journal of Democracy*, 31(2), 24–40. Kinuha mula: <https://www.journalofdemocracy.org/articles/the-pushback-against-populism-running-on-radical-love-in-turkey/>.



